# *Insurance sa mga tricycle driver, pasahero ipupursige ni Joy B sa QC*

Magkakaroon na ng insurance ang mga driver at pasahero ng mga tricycle sa Quezon City sa oras na mapagtibay ng QC Council ang ordinansa para dito.

Ayon kay QC Vice Mayor Joy Belmonte, ang Sangguniang Panlungsod ng Quezon City ay takdang magpasa ng isang ordinansa na magbibigay ng personal accident insurance para sa mga nabanggit.

"I think that the ordinance will pass unanimously and that there will be no opposition to such ordinance, we already passed earlier this year the first ever Road Safety Ordinance in the country, and actually this will just be an appendix to that particular ordinance,"pahayag ni Belmonte.

Sa ilalim ng ordinansa, magpapatupad ito ng "Personal Accident Insurance Coverage Program" para sa mga pasahero at drayber ng traysikel. Ang panukalang ito ay nakatakdang talakayin sa isang pampublikong pagdinig ngayong Biyernes.

"When we did the maths, we computed that, if we sponsor the insurance in the beginning, it will only cost the city about 20 million pesos," sabi ni Belmonte.

Sa pakikipag-usap sa mga drayber ng traysikel, sinabi ni Belmonte na hindi sila dapat mag-alala dahil tutulong ang lokal na pamahalaan sa paggastos para sa insurance policy sa unang taon.

"'Wag kayong mag-alala dahil walang karagdagang gastos ito para sa inyo sa simula. Sasagutin ng lungsod Quezon ito para sa inyo. Kaya po natin yan because we have the funds for that," sabi ng bise-alkalde.

Ang ordinansa ay maglalaan ng pondo na nagkakahalaga ng P20 milyon para sa layuning ito. *(Angie dela Cruz)*